

Hinggil sa mga Banyagang nadespatsa, at natapos ang kontrata, nautusang manatili sa bahay, etc. dahil sa patuloy na paglala ng kalagayan gawa ng COVID-19.

① Kung kayo ay may taglay na pahintulot na manirahan at may layuning magtrabaho at Kung ang mga sumusunod na sitwasyon ay may kaugnayan sa inyo, Kung ganoon, maaari po kayong manatiling manirahan ditto sa Bansang Hapon sa ilalim ng inyong kasalukuyang taglay na Bisa or status of residence.

- (1) Kayo ay natanggal sa trabaho o kaya ay tinapos ang inyong kontrata, subalit nais ninyong ipagpatuloy ang paghahanap ng trabaho dito sa Bansang Hapon.
- (2) Inutusan kayo nang inyong Amo o employer na manatili sa bahay, at nais ninyong mabalik sa dating tungkulin.
- (3) Binawasan ng inyong Amo o employer ang oras ng inyong trabaho at/o kaya binawasan ang araw ng inyong trabaho, at nais pa rin ninyong patuloy na mag-trabaho.
- (4) Ang inyong katayuan ay tatanggaping katumbas ng nakasaad sa itaas (1) hanggang (3)

Sa karagdagan, maaari rin kayong mag-aplay ng pahintulot upang makagawa ng gawain bukod sa pahintulot na dati nang naipagkaloob sa inyo sa ilalim ng inyong status of residence.

Pakiusap po na magbigay ng mga kasulatan na magpapatunay na kayo ay nasa kasalukuyang kalagayan na may kinalaman sa inyong Amo o employer. Ang haba ng Bisa upang makagawa ng gawain bukod sa pahintulot na dati nang naipagkaloob na Bisa sa inyo ay alinman sa Anim na Buwan mula sa araw ng pagkaloob o kaya hanggang sa kasalukuyang panahon ng pagtira ay matapos, alinman ang mauna.

② Ang mga Banyagang nasa katayuan na nakasaad sa itaas ① Kung ang inyong taglay na Bisa o pagtigil sa kasalukuyan ay magtatapos na ay maaari nang magpalit ng mula sa status of residence(katayuan ng paninirahan) sa "Designated Activities"(Itinalagang Gawain) kasama ng layuning maghanap ng trabaho.

Pakiusap po na magbigay ng mga kasulatan na magpapatunay na kayo ay nasa kasalukuyang kalagayan na may kinalaman sa inyong Amo o employer.

Maaari po kayong mag-aplay ng permiso na makagawa ng gawain bukod sa pahintulot na inyong taglay sa ilalim ng status of residence. Ang haba ng pahintulot na makagawa ng gawain bukod sa dati ng permisong taglay sa ilalim ng status of residence ay alinman sa Anim na Buwan mula sa araw ng pagkaloob ng pahintulot o kaya hanggang ang inyong pangkasalukuyang taglay na pahintulot ay matapos. Alinman ang mauna.

Kung magpapatuloy ang mahinang kondisyon ng mga trabaho dahil sa epekto ng COVID-19 Pandemic, maaari po kayong mag-aplay nang pagpapatuloy o pagpapahaba ng inyong paninirahan (Anim na Buwan). Maaari rin po kayong mag-aplay muli ng permiso na makagawa nang gawain bukod sa pahintulot na dati nang naipagkaloob sa ilalim ng status of residence.

(NOTE) Kung ang inyong taglay na Bisa o pagtigil ay malapit ng matapos at ang mga sumusunod na sitwasyon ay may kaugnayan sa inyo, maaari kayong mag-aplay nang pagpapatuloy o pagpapahaba ng inyong paninirahan sa ilalim ng inyong taglay na pahintulot sa kasalukuyang status of residence: Kung wala na kayong nalalabing mahigit sa isang buwan na utos na manatili sa bahay o kaya ay nananatiling nagtatrabaho na bawas ang oras, at ang bilang ng oras ng trabaho ninyo ay sumobra sa bilang ng oras na inutos sa inyong manatili sa bahay. Ayon sa tuntunin, kayo ay mabibigyan ng Isang Taong pamamalaging pahintulot.

3 Mga Puntos Ng Pagsasaalang-alang.(Points of Consideration)

- (1) Kung kayo ay nakakita ng trabaho O kaya ay naibalik sa trabaho pagkatapos magpalit ng inyong status of residence sa "Designated Activities"para makapaghanap ng trabaho o kaya dahil sa utos na manatili sa bahay, pakiusap po na mag-aplay ng maagap sa pagpapalit ng inyong residence status.
- (2) Kung kayo ay nag-aplay ng permiso na makagawa ng gawain bukod sa pahintulot na inyong taglay sa ilalim ng status of residence habang kayo ay sumasailalim sa utos na manatili sa bahay mula sa inyong Amo o employer O kaya nagtatrabaho ng bawas ang oras, pakiusap po na siguruhing kumuha ng pahintulot mula sa organisasyon na tatanggap sa inyo (at ipagbigay alam sa tauhan ng Kawanihan Ng Imigrasyon na kayo ay nakatanggap ng pahintulot sa oras ng inyong aplikasyon.)
- (3) Ang mga natatanging hakbang na nakaulat sa itaas ay hindi maaaring gamitin ng mga Technical Intern Trainees.